

1

Lumipas na naman ang isang araw at nadagdagan ang binibilang ni Alexa. Anim na taon, siyam na buwan, dalawang linggo at apat na araw. Bilang na bilang niya iyon at hindi siya maaaring magkamali. Wala namang masama sa ginagawa niya. Ang kaso, hindi iyon gawain ng taong may wastong pag-iisip.

“Pambira ka naman, Ateng. Pinahirapan mo ’kong umakyat dito para ilitanya lang ’yang walang *kuwenta* mong kadramahan. Eh, kung pagsasampalin kaya kita?” mahinahon pero may halong pambabantang sambit ni Erick, ang kaibigan niyang may Dual Personality Disorder—lalaking-lalaki sa opisina, pero girl na girl naman sa labas.

Nasa rooftop sila ng isang anim na palapag na gusali, na nang oras na iyon ay nasa ilalim ng nangingitim na mga ulap at isang malakas na ulan ang nagbabantang manalanta.

Sinamantala ni Alexa ang panahon. Pinakiusapan niya ang kaibigan na makipagkita sa kanya sa dating cafeteria. Hindi niya kasi gustong mapahiya sakaling may ibang makarinig sa ibubulgar niya kay Erick. Ang problema, wala itong pinapakitang interes at

halatang iritado na. Nagsimula itong tumayo mula sa kinauupuan at pinagmasdan na lamang ang daan-daang sasakyan na tumatakbo sa hi-way.

“Ikaw kaya’ng malagay sa sitwasyon ko. Isang araw palang siguro baka magpakamatay ka na. Hindi mo ba naiintindihan ang sinabi ko? O mahina ka lang talaga sa Math? Uulitin ko. Six years, nine months, two weeks and four days na akong walang sex!” halos pabulyaw niyang sabi kung kaya umalingaw-ngaw pa sa mga katabing gusali. Natapos siya na namimilog ang dalawang mata habang nakatitig sa kaibigan.

“Tse!” talsik-laway na sagot ng kaibigan kaya bigla siyang napaatras sa kinauupuan. “Ang bobo mo, Ateng, alam mo ba? Tatlo lang naman ang solusyon sa problema mo. Iisa-isahin ko para sa utak mong puros shampoo ang laman. Solution number one: hintayin mong matulog ’yung bata, saka ka kumatok sa kuwarto niya. Pag pinagbuksan ka, ganito ang sasabihin mo: ‘Hoy, six years, nine months, two weeks and four days na akong walang sex. Sex tayo ngayon. Mabilis lang ’to. Promise.’”

“Ganoon lang kadali? Sa taong buong buhay akong sinisisi sa pagkasira ng buhay niya?”

Isa iyong sitwasyon na hanggang ngayon ay pinipilit niyang makasanayan. Walang pagmamahalan,

walang tunay na pagpapahalaga sa isa't isa. Kailangan lang talaga nilang manatiling magkasama.

“Sigurado ka ba sa sinasabi mo? O di mo lang nakakalimutang isulat sa noo mo bago ka matulog na, ‘kasalanan mo at wala kang karapatang magreklamo’. Kaya tuwing gigising ka, pagharap mo sa salamin, lagi ka na lang nagdadrama. Guguluhin mo ang buhok mo saka ka sisigaw: ‘Ayoko nang mabuhay ng walang sex! Hwah!’ Araw-araw, paulit-ulit, ganyan ka. Binibilang mo ang mga araw, pero magse-seven years na buhay ka pa rin.”

“Tumigil ka nga!” Marahas niyang itinulak ang isa sa dalawang disposable cups palapit sa kaibigan at kinuha ang naiwan. “Totoo ang sinasabi ko.” Sumipsip siya sandali ng coffee.

“Okay.” Umupo uli ito at uminom din. “So hindi puwede ang solution number one. Solution number two tayo. Ipapahiram ko sa ’yo si Franky at sisiguraduhin ko sa ’yo na mag-e-enjoy ka. Tried and tested ko na yata siya,” pagmamalaki ni Erick.

“Yuck, Erick! Nandidiri ako sa sinasabi mo. Solution number three nga.”

“Solution no. 3, tumalon ka pababa at siguruhin mong sa highway ang bagsak mo para sigurado.

Dahil baka sa next life mo, kaunting taon na lang ang hintayin mo para makapag-sex uli.”

“Bruha! D’yan ka na nga.”

“Sandali. May isa pa pala. Sumama ka sa ’kin sa gay bar.”

Dala-dala ang natira niyang kape, bumaba si Alexa sa fifth floor ng building kung saan siya nagtatrabaho. Isang mahabang pasilyo ang naghahati sa ilang division ng departamentong kinabibilangan niya, ang Marketing. Nagmadali siyang pumasok sa opisina kung saan naghihintay ang ilang mahahalagang trabaho sa desk niya. Pero sa pagmamadali, hindi niya napansin papasalubong niyang boss, si Nathan Soliveres. At hindi na nga naiwasan, nabunggo niya ito at natapunan ng mainit na kape.

Mabilis nagtayuan lahat ng tao sa paligid. Hindi naman siya halos makagalaw at napatitig lang dito.

“Shit!” Umusok ang nabasang bahagi ng coat, tiningnan siya nito nang may halong pagkairita. Nagkaroon ng sandaling katahimikan.

“Sorry, Sir, kasalanan ko.” Inangat niya ang nabasang bahagi ng coat nito at sinubukang punasan

ng kamay.

“Hindi kasi nag-iingat. Sige, okay na.”

Nabigla siya nang dalawang kamay nitong hinawakan ang isang kamay niya. Para siyang napunta sa isang madilim na lugar at libu-libong kuwitis ang biglang nagliparan at nagputukan sa harap niya. Sa loob ng halos pitong taon, noon lang niya uli iyon naramdaman, at iyon din ang unang beses na hinawakan siya sa kamay ng ibang lalaki—o tunay na lalaki. At daig pa ng two hundred forty-volt electric shock ang kanyang pakiramdam.

Pero habang nakukuryente, hindi niya napansin ang mga kasamahang tila ulo ng mga baboy na nakasilip mula sa kural at sumusubok suminghot ng tsismis. Natauhan na lang siya nang hubarin nito ang coat nito at iabot sa kanya. “Pakidala na lang sa office ko. Mamaya tayo magtutuos,” anito.

Hindi pa rin siya makakibo. Napatango siya, pero huli na dahil nawala na ito sa harapan niya at nagmadaling lumabas. Ang mga usi ay nagsimula na ring bumalik sa kani-kanilang puwesto.

“A-Ateng...” Parang motor na ayaw mag-start ang tono ni Erick nang makita siya. Mabilis itong lumapit at kinuha ang kaliwang kamay niya. “Halika nga!”

Pinigil niya ang panghihila nito. Sabi niya, “Sandali. Paano ’to?” Itinaas niya ang coat ni Nathan.

“Dalhin mo muna.” Hinila siya uli ng kaibigan.

Pumasok sila sa maliit na conference room at umupo katapat ang bawat isa. Isang round table ang pumapagitna sa kanila.

“Umamin ka nga,” sabi agad ni Erick sa segundong nakaupo siya.

“Ano’ng aaminin ko?” Tiningnan niya ang coat sa halip na ang binabae.

“Tigilan mo muna ’yan, mauubos ang amoy niyan!”

“Hindi ko ’to inaamoy!” Nahulog sa kandungan niya ang coat nang sadya niyang bitawan. “At kung puwede, tanungin mo ’yang itatanong mo. Marami pa ’kong gagawin. Ano’ng gusto mong aminin ko?”

“Nakakahiya ka kanina. Ang daming tao, pero lalo ka pang nagpapahalata. Siya ba ’yung totoong pinoproblema mo? Gusto mong makipag-sex sa kanya?”

“Hindi!” mabilis niyang tanggi. Pero wala siyang maidahilan. Itinapon niya ang coat sa katabing upuan at pinagdikit ang mga labi. Tumingin-tingin siya sa

paligid, halatang naghahanap ng isasagot dito.

“Kung ganoon, kanino mo gustong makipag-sex?”

“Ano ka ba? Hindi pa ba halata ang sagot diyan? Eh di, sa guwapong tatay ng anak ko!” may sigla niyang dugtong.

“Pero *hindi* mo asawa. At hindi ka naman mahal sabi mo. Sinubukan mo na ba siyang tanungin kung nagbago na siya... sa 'yo?” Ayaw ni Erick na masaktan siya, pero kailangan nitong itanong iyon. Gusto nitong tumulong.

“Hindi na kailangan.” Biglang nanamlay ang boses niyang kanina ay puno ng sigla. Huminga siya nang malalim saka tinitigan ang kaibigan. “Madalas ka naman sa 'min. Pero bakit... bakit hindi mo pa rin mahalata?”

“Nahahalata ko, Alexa. At sa tingin ko, nagkakagusto na rin siya sa 'yo.”

“Impossible!”

“Hindi. Minsan, nakita ko siyang umaahon sa pool n'yo. Atat na atat akong lapitan siya para makita ko siyang naka-trunks. Ang sexy at guwapo kasi. Pero hindi man lang niya 'ko napansin. Ikaw ang

tinitingnan niya at malungkot siya.”

“Malungkot siya dahil miserable ang buhay niyang kasama ’ko.”

“Ikaw lang ang nag-iisip niyan. Tinanong ko siya noon, kung wala ba siyang nararamdaman para sa ’yo. Sabi niya, hindi niya alam. Hindi siya sigurado. Pero wala siyang sinabing wala. Pero isang bagay ang sigurado siya—”

“Ano ba!” Napasigaw siya. Hindi niya gustong mas masaktan sa pagpapaniwala sa sarili na maaari pa siyang mahalín ng taong lubus-lubos niyang minahal. “Huwag ka nang magsinungaling! Ayokong umasa! Aaminin ko na sa ’yo ang totoo para tumigil ka na. Nanliligaw si Nathan at may nararamdaman din ako para sa kanya.”

“Hindi ka puwedeng magkagusto sa kanya. May anak na kayo ni Robert.”

Natigilan siya sa narinig.

Kakaupo pa lang ni Alex sa harap ng desk niya, nang bigla niyang narinig ang mabilis na pag-alog ng mga gamit sa loob ng drawer. Nang buksan niya iyon, nakita niya ang cellphone niya; tila may

gustong kumausap sa kanya kanina pa dahil sa dami ng missed calls. Pero sa lahat ng mga posibleng tumawag, ni isang segundo ay hindi sumagi sa isip niya na maaaring makita niya ang pangalan nito sa LCD. Nakakapanibago.

“...S’an ka?” Bahagi lang ng boses nito ang narinig niya sa kabilang linya. Halu-halo na ang ingay na naririnig niya. Halatang nasa kalsada ito.

“Robert? Bakit?”

“Hindi kita marinig. Lakasan mo ang boses mo,” tugon nito.

Si Robert ang isa sa pinakamabuting taong nakilala niya. Guwapo, pero hindi mayabang. Mayaman, pero mapagpakumbaba. May mataas na pinag-aralan, pero madaling makibagay. At minsan, palabiro. Wala siyang maipintas dito. Kung sa kanya lang ito nagkagusto, wala na sana silang problema. O kung hindi sana siya pumasok sa buhay nito at nanggulo, malamang masaya na ito sa piling ng babaeng pinakamamahal nito at hindi miserableng kasama siya. Pero nangyari na ang mga nangyari at hindi na niya maaaring ibalik pa ang panahon. Isa pa, may anak na sila—si Trisha, isang napakabait at malambing na bata na mahal na mahal nito. Kaya kahit hindi siya nito mahal, gusto nitong magpakasal

sa kanya para lamang bigyan ang bata ng isang buong pamilya.

“Nasaan ka?” ulit nito. Ngayon, mas malinaw na ang boses nito.

“Nasa office pa rin,” sagot ni Alexa.

“Ano pa’ng ginagawa mo diyan? Family day ngayon, nakalimutan mo ba? Hinihintay na tayo ni Trisha.”

Shit! aniya sa sarili. Ilang beses siyang pinaalalahanan ng anak, pero nakalimutan pa rin niya. At tiyak na magtatampo ito kapag hindi na naman siya nakarating ngayon gaya noong nakaraang taon.

“Paalis na rin naman ako.”

“Anong oras? Susunduin na lang kita. Bumaba ka na, malapit na ’ko d’yan.”

Naputol na ang linya bago pa siya makasagot.

Mabilis niyang nailigpit ang mga gamit at nakapag-ayos ng sarili. Alam niyang may deadline silang hinahabol, pero mas mahalaga ngayon ang ipinangako niya kay Trisha. Kaya kahit hindi pa niya

tapos suklayin ang mahabang buhok niya, nagmadali na siyang maglakad palabas ng gusali.

Itinuloy niya ang pagsusuklay nang marating niya ang parking area at ginamit ang salamin ng isa sa mga sasakyang nakahilera. Pero nang aayusin na niya ang bangs niya, may narinig siyang ingay. Dumerecho siya ng tayo at umikot sa kabilang gilid ng kotse. Sa sumunod na segundo, mabilis na bumukas ang pinto at nakita niya si Nathan, ang boss niya.

“Aalis ka na?” nagtataakang tanong nito.

“Babalik rin ho ako,” tugon niya. Napansin niya, lukut-lukot ang shirt nito at bukas ang unang tatlong butones. Nakakaakit ang anyo nito; pawis na pawis. Parang kama na lang ang kulang at handa na itong makipagsex—sa kanya.

“May meeting tayo, ah. S’an ka ba pupunta?” Yumuko ito at sinimulang ibutones muli ang long-sleeved polo nito.

Sinamantala ni Alexa ang natitirang segundo para makita ang katawan nito. Inaamin niya, tigang na tigang na siya. Magkaganoon man, kaya pa rin naman niyang kontrolin ang sarili. At wala pa siyang balak gawin ukol sa ipinagtapat sa kanya ni Nathan—na mahal siya nito. lalo na, pinaalalahanan

siya ni Erick. Si Trisha ang una niyang dapat isipin, ang kapakanan nito. Kailangan nito ng isang buong pamilya.

“Trisha is expecting me. Family day ngayon sa school nila at kailangan kaming pumunta.”

“Kami? May kasama ka?”

Hindi niya inaasahan na mapapansin nito ang bawat salitang sasambitin niya. Nakakahiya kung malalaman nito. Gusto niyang magsinungaling. Pero nang sasagot na siya bigla namang may pulang kotseng bumusina sa labas ng main gate.

Huwag kang lalabas! may awtoridad niyang utos, pero sarili lang niya ang nakarinig. Hindi si Robert, ang ama ni Trisha. Bumaba ito ng kotse at agad siyang nakita.

“B...lsan mo...” Masyado itong malayo para marinig niya lahat ng sinasabi nito. Pero naiintindihan niya. Itinuro nito ang relos nito. At kahit hindi nito sabihin, alam niyang malapit na silang ma-late. Kaya kailangan na niyang magpaalam kay Nathan. At kailangan na niyang bilisan.

Gagawin na niya sana, pero biglang inutusan ni Nathan ang security guards na buksan ang gate at papasukin ito.

Peste! Naloko na! Bakit pa kasi pumunta-punta!
Kung kailan iniwasan niyang magkita ang dalawa.

“Trisha’s father, right?” tanong ni Nathan, habang pinapanood nilang pumasok ang kotse ni Robert.

Tumango siya nang hindi ito nililingon. “Robert...” balewala niyang sabi. Pareho silang nakatuon sa papalapit na kotse.

“Siya ang kasama mo? Pupunta kayo sa school ni Trisha dahil Family Day and pretend you’re a family?” usisa ni Nathan.

Hindi niya alam kung paano iyon sasagutin. Maraming tanong ang pumasok sa utak niya. Ano ang iniisip nito? Bakit nito gustong makaharap ang ama ng anak niya? Kung seryoso talaga ito sa kanya, dapat gumawa ito ng paraan para maging sekreto ang lahat—sa umpisa, kahit paano. Para hindi maging magulo ang sitwasyon.

Nang tumigil na ang kotse sa harap nila, bumaba si Robert. Tiningnan lang sila nito at hindi muna lumapit. Sigurado, may mga iniisip din ito. At kung anuman iyon, tiyak niya na hindi niya iyon ikatutuwa.

Si Nathan ang lumapit dito.

Pinagmasdan naman ni Alexa ang dalawa at

ipinagkumpara. Parehong mayaman. Parehong mabait. Parehong matangkad. At higit sa lahat, parehong guwapo— sa magkaibang paraan nga lang. Tsinito si Robert, bumbayin naman si Nathan. Ang isa mala-porselana ang kulay, pantay na pantay naman ang pagkakayumanggi ng isa. Mahirap mamili kung kailangan na niya.

“Hi, I’m Nathan.” Inabot nito ang kamay kay Robert para makipagkamay. Tinanggap iyon ng huli. “And you are?”

Sa palitan ng masamang titig ng mga ito, halata niyang nagsusukatan ang dalawa.

“Robert...” Ngumisi ito. “Alexa’s presumptive husband,” maangas nitong idinugtong.

“Presumptive?” may duda nitong ulit saka siya binalingan. “Alexa,” nakakainit ng ulo ang ngiti nito, “wala ka namang planong magpakasal sa lalaking ito, di ba?”

Naningkit bigla ang mga mata ni Robert. Magsasalita na sana ito, pero siniguro niyang mauna. Hindi gusto ni Alexa na makita ang masamang tinginan ng dalawa at matuloy ang palitan ng salita dahil baka kung saan pa iyon mauwi. “Please, Nathan... huwag ngayon. Kailangan na ako ni Trisha.”

2

Umalis sila ni Robert nang hindi nag-uusap at sa backseat ng kotse sumakay si Alexa kahit na sa harapan siya nito pinapapuwesto kanina. Hindi na rin siya nakapagpaalam kay Nathan. Sa tingin niya, mas mabuti nang ganoon. Kaysa ipamukha niya kay Robert na malapit siya rito at may namumuong relasyon sa pagitan nila ng amo.

Habang bumabiyahe, napansin niya ang pasimpleng pagtingin sa kanya ng—guwapo pero hindi niya mahawakang—lalaki mula sa rearview mirror. Marami marahil itong gustong itanong sa kanya at humahanap ito ng tiyempo.

Nang narating nila ang tulay na nakatayo sa isang malawak pero natutuyong ilog, binilisan na nito ang pagmamaneho. Sa tingin ni Robert, iyon na ang tamang oras. Pero kinakabahan ito sa magiging sagot ni Alexa.

“Sino ang maangas na lalaking iyon?” may pagkainis na usisa nito.

Tinignan niya lang ito sa salamin at hindi agad kumibo. Ayaw niyang magkamali sa isasagot.

Nagsalita uli Robert. “Hindi ka naman niya binebentahan ng kulambo o payong?”

“Hindi nakakatawa ang biro mo. Nathan, for your information, is the person over me.”

“Tama. The person over you.” Nagpalipas ito ng segundo. “The person over you when you’re in the mood to have sex?” Medyo natawa ito sa biro nito.

Pero iba naging dating niyon kay Alexa. Hindi ito nagbibiro, kundi nag-aakusa. Hinugot niya ang una niyang nahawakan sa bulsa at hindi na tiningnan. Mabilis na lang niya iyong ibinato kay Robert. Mabuti na lang, alisto ito. Nang makita nito ang gagawin niya, agad itong nakayuko.

“Aray...” Tinamaan pa rin niya ang kamay nito sa manibela. “Cellphone mo ’yon, ah. Tumigil ka nga!” Binagalan nito ang pagmamaneho. “Gusto mo bang maaksidente tayo?”

“Gago ka kasi! Gago!” singhal niya at hindi na ito sinubukang batuhin.

“Nagbibiro lang ako.”

“Hindi ako naniniwala! Pinagbibintangan mo ’ko! Magse-seven years na akong walang sex. Nang dahil sa ’yo. Tapos—”

Shit! Ba't ko ba nasabi iyon? Bigla siyang natauhan. Pagtatawanan ako nito, sigurado.

Lumapit na lang siya at sinubukan itong pukpukin sa ulo. Pero bigla itong nagpreno, kaya siya ang nauntog sa sinasandalan nito.

“Peste!” Hinaplos-haplos niya ang tinamaang bahagi ng noo niya. “Sinasadya mo. Sira-ulo ka talaga!”

Sinamantala ni Alexa ang pagkakataon habang nakatigil ang kotse para sapukin ito. Pero nang hahampasin na niya ito ng kamao niya, bigla naman nitong pinaharurot ang sasakyan, kaya bigla siyang napasandal. Nasaktan uli siya.

“Okay ka lang?” Tiningnan siya ni Robert. “May nakikipaggitgitan kasi. Pasensya na.”

“Ganoon ba? Puwede bang itigil mo muna at pakipulot 'yong cellphone ko?” pilit ang ngiting aniya.

Sumunod ito. Itinabi nito ang kotse saka kinuha ang dinampot ang cellphone niya sa sahig ng sasakyan malapit sa paanan nito.

“Eto.” Hinarap siya nito saka nakangiting inabot ang cellphone. “Buti, hindi nasira.”

“Hindi ba? O 'eto!” Mabilis niyang ipinukpok ang

cellphone sa ulo nito sa segundong nahawakan niya ang aparato.

Hawak-hawak pa rin ni Robert ang ulo niya habang palapit sila sa Registration Booth na nasa entrada mismo ng may kalakihang auditorium na inupahan ng eskuwelahan—ang *St. Paul Young Achiever's School*. Doon, nagpaparehistro ang mga magulang na dumarating. Sa mga oras na iyon, nagsisimula pa lang mapuno ang pagdaraan ng programa para sa Family Day. Kaya tama lang ang pagdating nila.

“Hindi ko alam na napaka-bayolente mo pala.” Hinahaplos pa rin niya ang noo nang ibaling niya ang tingin sa katabing naglalakad.

Inismiran siya ni Alexa. “Huwag mo ngang palabasing ako ang kontrabida dito. Ikaw ang nag-umpisa nito; gumaganti lang ako.”

“At kontento ka na?” tanong ni Robert, pero narating na nila ang Registration Booth.

“Pangalan ng bata?” tanong ng isang ginang na may nakahanda nang listahan. Nakilala nila ito bilang Mrs. Tuazon nang mapansin ang name plate nito. Isa marahil sa mga guro roon.

“Trisha... Trisha lacuesta. Grade I,” tugon ni Alexa.

“Pangalan ng magulang?” Una nitong tiningnan si Robert.

“Robert lacuesta.”

Matapos nitong maisulat ang buong pangalan ni Robert, si Alexa naman ang tiningnan nito at hinintay magbanggit ng pangalan.

“Alexandra...”

“Alexandra...” ulit ng ginang at tuluy-tuloy lang na nagsulat. Idinugtong na nito ang apelyido niya sa pangalan ng kasama nang walang tanong-tanong.

“Sandali...”

Tila aapila si Alexa sa nangyaring iyon kaya bago pa ito magsalita, makahulugan niya itong tiningnan.

“Pero...”

Umiling siya. “Halika na.” Dalawang kamay niyang hinawakan ang balikat nito at iginiya papasok sa loob.

“Ano na naman ’yong ginawa mo doon?” Hinampas nito ang balikat niya. Mabuti na lang mas mahina na ang palo nito kumpara kanina sa noo niya

sa loob ng kotse.

“Yung tama,” sabi lang niya.

Nagtingin siya ng mauupuan kahit na alam niyang may mga matang nanlilisik ang tingin sa kanya. “Doon o...” Itinuro niya ang nakitang bakanteng bahagi ng auditorium, sa pinakadulo. Kukunin na sana niya ang kamay nito, pero bigla itong pumalag.

“Ano’ng tama doon? Hindi lacuesta ang apelyido kundi Bagsic. Bagsic!” Halos isigaw iyon ni Alexa.

Nagpasalamat na lang si Robert dahil maingay ang lugar at hindi sila pansinin. Bukod kasi sa maraming tao, sobrang lakas din ng dalawang malalaking speakers at nasa tapat pa sila ng isa sa mga iyon.

“So that explains your behavior. Masyado kang mabagsik.” Mukha na naman itong mangangagat dahil sa pagbibiro niya kaya inunahan niya ito, “Pero puwera biro, sa tingin mo ba makakabuti sa bata na malaman nila na hindi tayo kasal? Ano na lang ang iisipin nila? Ikaw lang naman at si Trisha ang iniisip ko.”

“Bakit?” Itinaas nito ang balikat at namaywang. “Sa tingin mo ba, hindi pa nila alam? Wala ba silang records na puwedeng tingnan. At kailan ka pa nag-

alala sa 'kin? Di ba, hindi ako ang gusto mo?"

“Babalik na naman ba tayo diyan? Ayoko na ngang makipagdebate sa 'yo. Masyado kang makulit. Kung pumayag ka sanang magpakasal noon pa, di, lacuesta ka na rin sana.” Hinila na niya ang kamay nito bago pa sila mawalan ng mauupuan.

“Alam mong hindi ako ang gusto mong pakasalan,” sabi ng babae habang hinahayaan nitong tangayin niya ito.

Napabuntong-hininga na lang si Robert kahit narinig niya ang matinding lungkot sa tinig nito.

Nagsimula ang programa sa makabagbag-damdaming mensahe mula sa naimbitahang guest speaker ng programa—si Dr. Judy Esmeralda Bagorio, may PhD sa Psychology. Napaka-drama at boring. Marami sa mga sinasabi nito ay paulit-ulit na lang. Kaya tama lang na sa pinakadulo sila umupo para hindi ito masyadong marinig. Pero si Alexa, taimtim na nakinig.

Pabulong na itinanong ni Robert, “Magse-seven years ka na ba talagang walang sex?”

Dumating ang ikinakatakot ni Alexa. Naalala

na nito ang mga sinabi niya. “Pinagbibintangan mo na naman ba ’ko?” Pinilit niyang magmukhang matapang kahit hiyang-hiya siya sa tanong na iyon.

“Hindi sa ganoon...”

“Aha!” Ngayon naisip na ni Alexa ang dahilan ng pagtatanong nito. “Gusto mong malaman kung nakikipag-sex ako sa iba, dahil guilty ka. Guilty!”

Para siyang napipi nang marinig ang sinabi ni Alexa. Napaka-unfair dito kung malalaman nito ang totoo. At mas lalo, kung hindi niya sasabihin. Pero ano ang gagawin niya? Nahihirapan siyang dalhin ito sa kama, kaya nakipag-sex na nga siya sa iba.

“Ano? Ba’t hindi ka makasagot? Tama ba ’ko?”

“Kung sasabihin ko sa ’yo ang totoo, hindi ka rin maniniwala. Kaya hindi na lang ako magsasalita.”

“Di ’wag!”

Pareho silang tumahimik. Ngayon, si Dr. Bagorio na kanina pa dada nang dada sa entablado at binabalewala lang nila, ang nagkaroon ng pagkakataon para mapakinggan. Tumingin ito sa direksyon nila, maaaring kanina pa nito napansin ang satsatan nila kahit daan-daan ang tao. Itinuloy nito ang pagsasalita, “Men have been unfaithful more

often than women...True.”

Tumingin muli ito sa kanila at sandaling huminto. At sa unang beses, tiningnan sila ng isang matandang babae sa kaliwa nila na kanina pa marahil nagtitiis sa ingay nila.

“Narinig mo?” biglang ani Alexa, atat na atat. “Narinig mo ba ’yon. Kayong mga lalaki ang talagang manloloko kaya umamin ka na. Nakikipag-sex ka sa iba.” Narinig marahil ng matandang babaeng katabi nila ang sinabi niya kaya bigla itong lumayo sa kanila tangay-tangay ang upuan nito.

Hinarap ni Robert ang kasama. Bago siya makasagot, itinuloy na ng guest speaker ang sinasabi nito, “But it did not mean they were unhappy with their wives.”

“Narinig mo ba ’yon?” pagmamalaki ni Robert na tila nabunutan ng tinik sa lalamunan. “Just because we have been unfaithful, doesn’t mean we are unhappy with our wives.” Inilapit niya ang mukha kay Alexa nang may kasamang ngiti para magyabang.

“Tumigil ka nga!” Pikon nitong iniurong ang inuupuan. “Gusto mong gamitin na dahilan ’yan para sabihin na okay lang manloko ng asawa. Kung ganoon lang rin, eh di, huwag ka nang magtago.

Sabihin mo na lang sa asawa mo: “Time-out muna tayo, makikipag-sex lang ’ko sa iba. You don’t have to feel unsafe kasi that doesn’t mean I’m unhappy with you.’ Ganoon ba, Robert?”

“Hindi!” mabilis niyang tanggi. Napakamot na lang siya ng bumbunan at medyo natawa. “Hindi ko alam kung ano’ng isasagot ko sa ’yo!” Dumerecho siya ng upo at pinigilan ang sarili na tingnan ito. Kinakabahan na siya.

“Puwede bang humarap ka sandali? Iibahin ko na lang ang tanong ko. Ilan na lahat ng mga nakikipag-sex sa ’yo habang nasa iisang bahay tayo?”

Naniningkit ang isang mata niya habang dahan-dahan na hinaharap ito. Sobrang hirap para sa kanya na sabihin ang totoo, lalo na sa babaeng mala-dragon ang tapang. Pero gusto na talaga niyang maging tapat dito. Tahimik na lang niyang itinaas ang kanang kamay at ipinakita isa-isa ang mga daliri. Nagsimula sa isa, nasundan pa ng isa, hanggang maubos ang mga daliri niya.

“Five?” galit nitong banggit sa binilang na mga daliri.

Tumangu-tango siya. “Mas gusto mo namang malaman ang totoo kaysa magsinungaling ako, di

ba? At isa pa, wala naman akong sineryoso sa kanila. Hindi ko nga alam ang mga pangalan nila.”

“At kailangan ko pang magpasalamat, ganoon ba?”

Sa tono ng boses nito, nasiguro ni Robert na galit nga ang babae. Pero hindi ganoon katindi kaya hindi na niya kailangang mag-alala na baka bigla itong umalis kasama si Trisha at iwanan siya.

But was it something to be happy about? Paano kung senyales iyon na naglalaho na ang alam niyang matindi nitong pagmamahal sa kanya? Bigla siyang nag-alala at natakot. At mas tumindi pa sa sumunod na isiniwalat na impormasyon ni Dr. Judy Esmeralda Bagorio. “When women have an affair, however, usually it isn’t just a one night stand. They are more likely to get emotionally involved.” She paused for a moment.

Sari-saring tanong ang biglang gumulo sa isip ni Robert. Paano kung nakakaramdam na ng kakulangan si Alexa? Paano kung iniisip nito na hindi na niya mapupunan ang kakulangang iyon? At paano kung hanapin nito iyon sa iba—kay Nathan halimbawa? At mabuo sa isang relasyon—relasyon na higit pa sa uso sa kanya noong one night stand. At paano kung may relasyon na nga ang mga ito? Ano ang gagawin

Perfect Marriage - Mitch Ocampo

niya kapag tuluyan na itong nawala sa kanya?

Pero may pagkakataon pa siya. Alam niya iyon. At kailangan na niyang magsimula habang hindi pa huli ang lahat.

3

Nang natapos magbigay ng mensahe si Dr. Bagorio, pinapasok na ang mga estudyante sa loob ng auditorium para sa performances ng mga ito. Color-coded sila ayon sa kanilang antas. Naka-yellow t-shirt sina Trisha. Red at orange naman ang grade two at three, at green, blue at indigo sa mga sumunod—gaya ng pagkakasunod-sunod sa bahaghari.

Lumapit sila at parehong hinanap si Trisha sa mga nagsisiksikang estudyante sa ibaba lamang ng entablado. At nakita nga nila ito—mukhang naiinip o may malalim na iniisip. Hindi kasi ito kumikibo o naglilikut gaya ng ibang bata. Tahimik lamang habang nakakrus ang dalawang braso sa tapat ng dibdib.

Ilang sandali lang, nakita rin sila nito. Nagkaroon ito bigla ng ngiti sa labi nang kawayan nila. Kumaway rin ito pabalik sa kanila. May sinasabi ito, pero hanggang hula lang ang kaya nilang gawin para intindihin iyon. Kumembot-kembot pa ito.

“Ang cute ng anak natin, ’no?” sabi ni Robert na sandaling tumingin sa katabi. Binigyan niya ng diin ang salitang ‘natin’ dahil gusto niyang maalala nito ang ibig-sabihin niyon at pinanggalingan.

“Pero mas cute sana kung mata ko at hindi ’yang singkit mong mata ang namana niya.”

“Bilog ang mata ko, ah,” paglilinaw niya. “Naniningkit lang pag nagpapa-cute sa ’yo. At di ba nga, isa ’to sa mga dahilan kaya patay na patay ka sa ’kin.”

Napanganga si Alexa sa tindi ng kayabangan niya. Pero hindi naman pagyayabang lang ang dahilan niya kaya niya sinabi iyon, kundi para ipaalala rito ang ipinagtapat nito dati sa kanya—na mahal na mahal siya nito. Wala nga lang sa tiyempo dahil ikakasal na sana siya noon kay Rosemarie, ang dati niyang kasintahan na kilala nito.

“Salamat ah, pinaalala mo. Patay na patay nga pala ako sa ’yo noon, at masyadong sumobra kaya nasira ko ang relasyon n’yo ng mahal na mahal mong si Rosemarie,” may pang-uuyam nitong sagot. “Ilang beses mo sigurong hiniling na sana, hindi ako ang nabuntis. Na sana, iba ang kasama mo. Na tuwing gigising, sana iba ang nakikita mong naghahanda ng mga kakailanganin ni Trisha. Na sana si Rosemarie iyon. At sana—”

“Tama na! Nakakapikon ka na!” bulalas niya. Nailabas din niya sa wakas ang galit at inis na kinikimkim niya sa halos pitong taon. “lagi mo na

lang ibinabalik 'yong mga bagay na tapos na! Akala mo, lahat ng tao laban sa 'yo! Parati mo na lang kinakaawaan ang sarili mo. Nakakairita na!”

Hindi nakaimik si Alexa. Ilang sandali lang, kusa nang pumatak ang luha sa pisngi nito. Nang napagtanto ni Robert ang sakit na idinulot niya, hindi siya nakatiis; niyakap niya ito nang mahigpit na mahigpit.

Nararamdaman niya ang paghihirap nito. Hindi niya sinasadya ang sinabi at nagkamali siya. Totoo ang nararamdaman nitong awa sa sarili, at matagal niya iyong pilit na binabalewala.

Mahigit kalahating oras pagkatapos, sumayaw na rin si Trisha kasama ang lahat ng grade one students. Sa *'Sayaw, Darling'* na tugtog, gumiling-giling ang mga ito at nagpakita ng kanilang galing. Kaya malakas na palakpak ang iginanti ng mga tao, kasama sila.

“Mommy, nakita mo ba 'yong... 'yong... 'yong sayaw namin?” Sabik na sabik na nilapitan ni Trisha ang ina, habang hawak ang isang sandwich at orange juice in tetra pack. lahat ng grade one, pagkatapos ng number ng mga ito, ay nagsipunta na sa kani-kanilang

mga magulang.

“Siyempre naman. You’re very good, Sweetie. I’m impressed,” sagot ni Alexa.

Kinagat nito ang sandwich. “Talaga. Eh, si Dad?”

“Siguro?” Nagkibit-balikat siya.

“You’re not sure? S’an na siya?”

“Bumili lang ng inumin.” Kinuha niya sa kanyang shoulder bag ang inilaang hand-towel para sa bata, saka ito pinunasan ng pawis. Inuna niya ang mukha nito bago sinunod ang basang-basang likod nito, saka ito binuhat at pinaupo sa tabi niya.

Tumingin-tingin ang bata sa paligid, hinahanap marahil ang ama nito. Nang ibaling nito ang tingin sa kanya, muli itong nagtanong, “Sasali kayo mamaya sa Apple-Eating Contest, ah.”

“Huh?” Nasopresa siya sa sinabi nito.

Tumango ang bata. “I already told Teacher Mae. Oo daw.”

Muli siyang nasopresa. Tatanungin niya sana uli si Trisha, pero narinig niya ang isang announcement—tinatawag na ang mga kasali sa mga hinandang games sa ibaba ng stage.

“Ano’ng pinag-uusapan n’yo?” Biglang sumulpot sa likuran nila si Robert. May dala-dala itong tatlong bottled water.

“Daddy!” Sabik na tumayo sa upuan si Trisha, saka niyakap nang mahigpit ang lalaki. “Sasali ka, ah?”

“Huh?” tanging nasabi nito.

“Ready, set, go!”

Nagsimula na ang Apple-Eating Contest. Isang sabitan na may sampung nakataling mansanas ang ipinuwesto sa ibaba ng stage at ngayon ay pinag-uunahang ubusin ng mga participants.

“Ay, naku!” Nagpamaywang na sa sobrang pagkairita si Trisha sa nakikita nito. Nasa gilid lang nila ito katabi ang ibang bata. Ilang segundo na kasi ang nakalipas, pero para pa ring mga tuod ang mga magulang nito. “You’re not supposed to look at each other. Kulelat na kayo. Bilis! Eat the apple bago mag-Christmas.”

Napatingin lang sila sa bata at hindi nakaimik.

“Argh!” Nagpunta sa pagitan nila si Trisha hila-hila ang isang upuan, pero lalo silang hindi nakakilos.

Naging mala-Incredible Hulk na ang galit nito. Ilang sandali pa, sumampa na ito saka tumalon tangay-tangay ang mansanas palayo sa kanila.

Nagtawanan ang mga tao. Ngayon, hindi na sila puwedeng sumali.

“Trisha, wait!” sigaw ni Robert nang tumakbo ang bata. Hinabol nila ito.

Naabutan ito ni Alexa bago pa makalabas ng auditorium. “Trisha, tama na.”

Binato nito ang mansanas sa mga tao.

“Halika nga rito.” Kinarga ito ni Robert, pero hindi ito kumikibo. Halatang galit at nalulungkot. “We’re really sorry, Sweetheart. Nabigla lang kami kaya...”

Yumuko ito sa balikat ng ama at nag-iiyak; ayaw tumingin sa kanila. Iniisip nito marahil ang sasabihin ng teacher nito at mga kaklase matapos nila itong ipahiya kanina.